

# **The Project Gutenberg eBook of Ang Singsing nang Dalagang Marmol, by Isabelo de los Reyes y Florentino**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang Singsing nang Dalagang Marmol

Author: Isabelo de los Reyes y Florentino  
Translator: Carlos B. Raimundo

Release date: February 21, 2005 [EBook #15129]  
Most recently updated: December 14, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and PG  
Distributed Proofreaders. Produced from page scans provided by  
University of Michigan.

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG SINGSING NANG DALAGANG  
MARMOL \*\*\*

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as -g. Mistakes in the original published work have been retained in this edition.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit. Hinayaang manatili sa edisyong ito ang mga pagakakamali sa orihinal na pagkakalimbag.]




**Kathâ ni ISABELO DE LOS REYES**  
**ANG SINGSING**  
**NANG**  
**DALAGANG MARMOL**

Ó SI

## LIWAYWAY NG BALIWAG

MGA NANGYARI SA PAGHIHIMAGSIK  
Ipinagbibili ng 20 cts. sa daang P. Rada, 467, Tundo.

**KALAKAL TAGALOG**  **TEL. BLG. 252.**

Itinatag ng Taong 1889.  
**Gawaan ng Limonda, Soda, Zarzaparilla at iba pa.**  
Aceyteros 113 1139-1141, liko ng Ilaya, Tundo

Nagpapadalá sa mga lalawigan ng áyon sa bilin, at nag-  
hahatid sa mga Himpilan ng Tren at sa mga Daongan.  
**GUMAGAWA NG MAY TAKIP NA LATA**  
(CROWN COCK)

---

**SANGLAAN**

NI

**FAUSTO O. RAIMUNDO**

Daang Ilaya Blg. 641-643, at Aceyteros Blg. 1149,  
Tundo, Maynila, K. P.

Mahál magpasanlá, mababàng  
tubò at madaling pagsanglaán.

Laging nagbibili ng sarisaring hiyas na may BRILLANTE,  
PERLAS at iba pang mga kagamitan, sa lalong  
mababàng halaga.

## ANG SINGSING

NANG

## DALAGANG MARMOL

Man~ga nangyari sa Paghihimagsik

SINULAT MUNA SA WIKANG TAGALOG N~G KAGALANGGALANG  
NA ISABELO DE LOS REYES SA PAHAYAGÁNG Ang Kapatid ng  
Bayan, BAGO ISINALIN NIYÁ SA WIKANG KASTILA  
SA PINAKA FOLLETIN NANG El Grito del Pueblo  
NOONG TAÓNG 1905. SAPAGKÁ'T NAWALÁ  
ANG UNANG ORIGINAL,  
AY MULING SINALIN  
SA WIKANG TAGALOG

NI

**CARLOS B. RAIMUNDO**

MANILA 1912

**TIP SANTOS Y BERNAL**  
Ave. Rizal 414 Sta. Cruz



**Hon. Isabelo de los Reyes**



## **SA KAY LIWAYWAY N~G BALIWAG.**

### ***Magandang Binibini:***

Sa bilang n~g páhayagáng tagalog *Ang Kapatid n~g Bayan* na nauukol sa iká 14 n~g Septiembre n~g 1905, nábasa ko ang isáng lathalà na ganitó ang sinasabi:

"Nagíng dahil n~g mapupusok na paghahakà ang mainam na kathà, (novela) na sa pamamagitan n~g lagdá n~g isáng kilaláng mánunulat ay aming inihahayág, at ipinalalagáy n~g; iláng *tiktik* na ang *Dalagang Marmol* ay nanánagisag sa *kapalaran n~g Filipinas*, na bagama't ngayo'y tila tumatalikód sa kaawà-awà nating bayan, n~guni't sa wakás ay gaganapin din ang kanyáng pakiki-isáng dibdib kay Pusò (táong may malakíng kabuluhán sa kathâ) na alinsunod sa m~ga *tiktik* ay nanánagisag naman sa kahulugán n~g Diwà ó n~g Mithî n~g bayang tagalog.

"May balità kaming sinalin na raw sa wikàng ingles."

"N~guni, sinasabi naman n~g m~ga tagá Bulakán na ang *Dalagang Marmol* ay walàng ibá kundí si binibining *Liwayway* na tagá Baliwag, pagká't ang kanyáng m~ga kagandahang iginuhit ay siyá lamang tumútugón sa m~ga pagkakakilanlán sa katauhan n~g násabing binibini.

"Talagáng túnay ngàng nakahahangà ang kagandahan n~g dalagang *Liwayway*, n~guni't dí namin nababatid kung siyá n~gà ang tinútukoy n~g nasabing mánunulat, at ang amin lamang masasabi ay yumaon na itó sa España. Sa kanyá sana tayo makapagtanóng."

At sa *El Grito del Pueblo* n~g ika 20 n~g sinabing buwán ay napalathalà naman, na dalawáng piling Gurò sa pagtugtog ay nagsikathâ n~g isáng "Tanda de Vals" na kuha sa guní-guní n~g kaniláng pagkabasa sa kathâng násabi at yaó'y sadyâng sa inyó nilá ipinatungkól.

Ang m~ga balitang it'óy nakaguló n~g aking isipan kayà akó humanap tulóy at nakakita namán sa m~ga natitipon n~g násabing Pahayagán n~g isáng aklát, na túnay n~gà't matatawag na m~ga nangyari sa Paghihimaksík natin n~g 1899 ang linálamán, n~guni't kun tatarukín ay makikitang kahalò ang isáng maliming pagaaral sa mahalagá at tan~ging ugali n~g ating m~ga kawiliwiling babai; kahit ang anyô ó ayos sa malayò pa'y naghihimatóng gawâ n~g isáng dakilang mánunulat na may lubós kinabatirán sa ating m~ga kasaysayan.

Ilinalahad n~g kathâ, na bagamán parang *mármól* ó *hielo* ang babaing tagalog dalá n~g malaking kahirapan kun ligawan, dapwâ't kung umibig ay may káya namáng magtiís sa lahát n~g

hirap.

Akin n~gang tinagalog, at yamang ikaw pô ang itinuturo n~g inyong m~ga kababayan na parang *Dalagang Marmol*, sa gayo'y walâ n~g iba pang marapat paghandugan nitong aking pinagpagalan kundî kayo, bagaman di ninyo kilala ang aking katauhan.

CARLOS B. RAIMUNDO.

---

## TALAN NG NILALAMAN

I.

II.

III.

V.


VI.

VII.

VIII.

Kay Liwayway

---



### Ang Singsing Nang Dalagang Marmol

I.

Matapus ang kasindâksindâk na labanang nangyari sa m~ga tagalog at americano sa Kin~gwâ, lalawigan n~g Bulakan, n~g ikâ 23 n~g Abril n~g 1899, na siyang ikinapatay kay Coronel Stotsenburg, sa Capitân at iba pang m~ga kawal americano, kaming m~ga tagalog naman ay nagsiurong sa Sibul, at sa isang bahay-gamutan n~g aming m~ga kawal ay natagpuan ko ang isang matapang na pinunong tagalog na bahagya nang makagalaw at makapagsalitâ dahil sa marami niyang sugat. Malaki ang awa sa kanya n~g lahat n~g taong nan~garoron at siya na lamang ang napaguisapan at lubos napupuri dahil sa kanyang kabihasan sa pakikilaban at sa kapusukan sa m~ga pakikipagsagupa; at sa katotohanan kahit mamamatay na lamang ay pilit pa niyang napaurong ang malalakas naming m~ga kaaway.

Nang aking matantô ang labis na paglilingkod n~g bayaning ito sa ating Bayan, ay pinagsikapan kong siya'y alagaan, bagaman walâ akong pananalig na siya'y maari pang mabuhay.

N~guni't aywan kun sa kabagsikan n~g bisâ n~g tubig sa Sibul, ang pinunong ito na Pusò ang pan~galan, isang araw ay idinilat ang m~ga mata at nagsalitâ n~g ganito:

—Sino ka man pô, maawing kapatid na nag~aalaga sa akin, kayo'y pinasasalamatan ko, at ipinamamanhik sa inyô na huwag mo na pong lubhang pagsikapang ako'y agawin sa m~ga kuko n~g kamatayan, pagka't batid kong di ako mabubuhay dahil sa aking m~ga sugat, at lalong~lalo pa dahil sa kainitan n~g lupang ito. N~guni't napakatamis sa akin ang mamatay sa paglilingkod sa kapus~palad nating Bayan.

Ako na kaylan ma'y di nakababatid kun paano ang pag~iyak ay kusang tumulo ang luhâ ko't niyakap ang bayaning halos ay naghilingalo at ani ko:

—Huwag ka pong man~gamba matapang na pinuno pagka't nagsisimula na kayo sa isang

panggaling.

—¿Man~gambá ang sinabi ninyó—ang sagót ni Pusò—Di ko nakikilala ang pan~gambá ni ang tákot n~guni, kun inyóng mababatíd giliw na kaibigan ang lihim n~g luntáy-luntáy kong pusò, marahil kayó rin ang tutúlong dalá n~g inyóng pagkahabág, upang madalíin ang pagkamatáy ko.

At n~g masábi ang ganitó'y itinuro ang kanyáng singsing sa daliri at bago nagpatuloy:

—Kaibiga't kapatid; ipinamámanhik ko sa inyóng mangyaring pag-in~gatan ang singsing na itó pagkamatáy ko, n~g di maalís sa aking bangkáy at málibing na kasama ko. ¡Ay katoto! Kun inyóng málalaman ang pinanggalin~gan n~g singsing na itó....

Hindi itinulóy n~g pinunò ang pagsasalitá pagká't di napigilan ang kanyáng luhà sa pagkálala n~g m~ga kapaitang kanyáng linálasáp. Inalagatâ kong siyá'y kusàng liban~gin at pasiglahin ang loób bago nagkunwa akóng tumatawa:

—¡Ha, ha, ha! Tila ba dí kayó—aní ko—sanáy sa m~ga pakikitunggali, palibhasà lubhâ na kayóng nalulunós dahil lamang sa isáng babai. Aking ipinaáalala sa inyó, mahál na pinunò, na sa gitnà n~g malakíng sakunâ n~g ating bayan ay di dapat isagunitâ ang bagay na kasalawahang loób n~g m~ga babai kahit silá'y sakdál n~g gándá.

—Mapalad ka pò, katoto, na sa masíd ay di pa naka lalasáp n~g libong kapaitan at m~ga lasong natatagò sa pusò n~g isáng babai.

—¡Oh, ginoó! Sa kanilá'y mayroóng masamá at may mabuti rin namán. At ang tuntunin ko'y náuuwí sa: Madaling pag-ilag sa m~ga may tagláy na kapintasan at manatili akó sa m~ga mairugin at dí salawahan.

—¿Anó ang sabi ninyó? Sa lagay, mayroón kayâng isáng babai man lamang na dí balibát ang ulo at dí salawahan?

—Mayroón pô at dí ang lahá't ay pawàng kirí ó manglilipad....

—¿Túnay kayá? Kun sa ganáng akin, lagi na akóng nagíng kapús-palad sa dí pagkakatatagpò n~g isáng babaing may ganáp na pagkukurò at íbig n~g tapát sa akin.

¿Alam mo pô ba kun bakit ang singsing na itó'y lubhâ kong mimámahál?

—Huwág na ninyóng ipabatíd pagká't iyá'y isusukal lamang n~g iyó pông kalooban.

—Mabuti n~gâ, katoto, na umagos ang aking luhà at sa gayó'y maawásan n~g bigá't yaring dibdib. Makiníg ka pò at isisiwalat ko sa inyó ang lihim n~g aking pusò.

Sa kaunti kong kabatirán tungkól sa pagkasalawahang n~g m~ga babai, lalò ang magagandang maraming nan~gin~gibig, ay dí ko pinaháhalagaháng gasino mulâ pa sa aking pagkabatâ ang ganyáng ásal; at ang palakad kong itó'y nagíng makabuluhán sa akin, palibhasà, kun lumalayò ang isáng lalaki ay silá an~g nagsisilapit, at kun ang lalaki'y nagpapakita n~g katamlayang loób at napagiin~gatang katabayin ang pag-iisip sa m~ga dahilanin n~g pagibig, ay madalíng makatagpò; n~guni, kung ang lalaki'y maging mairugin ay agád kang hihiluhin n~g m~ga babai at pahihirapang lábis n~g walà muntí mang awà.

—Gayón, palá't batíd mo pô ang lahá't n~g iyán, ¿bakit kayó napasilò?

—Akin nan~gâng sinabi, katoto, na kaylán ma'y di akó umibig sa kanilá; n~guni dalá yata n~g aking malungkót na kapalaran, isáng araw ay nápaparito akó sa lalawigang itó n~g KABULAKLAKÁN ó Bulakán—sa m~ga kastilàng dí mátumpák bumigkás n~g máayos—at sa isáng maligayang halamanan ay nakita ko si Liwayway na sa kagandahan ay higít n~g malakí sa balitang Helena, na dahil sa pagkatakas sa kanyá sa Paris ay siyang pinanggalin~gan n~g kasindák-sindák na patayan n~g m~ga panahón n~g kabayanan.

Ang binibining itó'y túnay na tila isáng *Dalagang Mármol*, dí lamang sa pagkakahawig sa larawan ni *Venus* na aking nákita sa Museo n~g Louvre sa París, kundí pagká't tila dí nakaráramdam kun minsan.

—Sinabi ko ná sa inyó, na ang kagandahan nilá ay siyang nakapagbibigáy n~g kayaban~gan at kakirihán. Masisirâ, sa wakás, ang inyóng isip pag-isasaloób ang libolibo niláng pang-aaglahi.

—N~guni, ¿dí ba dayà ikararagdág pa sa halagá n~g kaniláng m~ga kagandahang lantád, kun silá'y umibig n~g matibay at huwág parang isáng babaing nápalungí, na sa kanyáng malabis na karalitáan ay napipilit itakal ang m~ga pinaghunusan n~g kanyáng kahihiyán sa bala nang mákaibig?

—Sana n~gâ pô; n~guni't ang babai'y talagáng siyang *demonio* na ating kaaway, at úpang huwág nating mákilala ang kaniláng kasukabán ay ipinamámasid sa atin ang dati niláng mukhâ noóng silá'y isáng *angél* pa, at sakà nagsosoót n~g barò't sáya.

Si Pusò'y nán~gití n~g maring ang masayá kong birò at bago nagsalitá:

—Hindí, katoto; si Liwayway ko'y dí mangyayaring magíng isáng *demoniong* may barò't sáya, kundí isáng diwatàng nagliliwanag sa kanyang dikit at kahinhinan, Gayón man, ¡oh, pusò! gaánon~g hapdí n~g súgat na sa iyó'y ipinagkaloób n~g malupít na diwatàng iyan!...

Hindí náituloy ang pagsasalitá, umiyák at halos nagsimulá sa paghihin~galò.

## II.

Sumigaw akóng nagpagibík at aming pinagtulúngtulun~gang hinimasmásan sa pagpapaamóy n~g *eter* ang kaawà-awàng si Pusó, at n~g makalipas ang may kalahatíng oras ay nagsauli sa malay-táo, n~guni't dî ko na siyá pinayagang bumanggit man lamang sa pan~galan n~g kanyáng tinatawag *Dalagang Mármol*.

Makalipas ang dalawáng araw at n~g tila siyá bumubuti n~g bahagyâ ay tinawag akó't anyá:

—Ang aking kunwâng paggalíng na inyóng námamasdán ay hindi tátagál at di sásalang akó'y mamámatáy rin agád.

—¿Sa kátaón pa naman—aní ko—na n~gayó'y madalí náng sumusúlong ang inyóng paggaling?

—Iyá'y akalà lamang ninyóng mag-isa, at yamang may natitirá pa akóng kaunting búhay, n~gayo'y ipatutuloy kong ipahayag sa inyó ang m~ga kapaitang linalasáp niaríng kalulwá, upang akó'y pautan~gin ninyó n~g loób na ganapín ang iláng ipagbibilin ko, sakaling mátagpûán ninyó ang *Dalagang Mármol*.

—¡Mármol na namán! Útang na loób, kapatíd ko, huwág na sana munang banggitín n~gayón ang pan~galang iyán pagká't lúlubhá ang iyó pòng karamdaman.

—Námamalí ka pô, katoto; lalò akóng bibigát at dî makakátulog sa pag-áalalang akó'y mamámatay n~g di nalalaman ni Liwayway, na ang katapusáng pagmumuni ko't buntóng hinin~gá'y sa kanyáng lahat nátutungkól.

—Ang m~ga babaing parang *mármol* na may pusòng matigás at malamíg na parang *hielo*, ay dî karapatdapat makabalino sa ating pag-iisip, lalònglalò pa sa kalagayang paris n~g ñnyó.

—Walâ kayóng pagtin~gín sa akin, katoto, kundî pakikinggán ang ipagbibilin ko—aní Pusò na parang walâ nang pananalig.

At n~g masabi itó'y naták ang luhà. Upang huwág n~g lalòng magdalamhati pa'y náyag na akóng siyá'y dinggín, bakit talagá rin namáng malabis ang han~gád kong maunawà ang m~ga lihim n~g dakilàng pusòng iyón n~g bayani.

—Si Liwayway—aní Pusò—ay naninirahan sa Baliwag sa bayan n~g m~ga nakawiwiling dalaga. Sa lalawigang itó'y walâ náng ibá pa na tan~gi sa pagkamagandá n~g kanyáng m~ga binibini kundî ang bayang iyón.

—Alám ko ná.

—At kun nakabibighanì ang halos lahat n~g babai sa násabing bayan, si Liwayway ko ang parang hari nilá dahil sa waláng kaparis na kagandahan. Ang kanyáng mukhà'y nagniningning na parang araw, at upang paputíin at pamurukin ang kanyáng m~ga pishn~gí ay pinili n~g Lumikha ang mababangóng kampupot at alejandria, pinaghalò at doón kinuha ang kanyáng kúlay, kaya maputíng parang azucena na nasasapyawán n~g pamumúrok ang balát na parang búlak sa lambót. Ang buhók ay kúlay gintò at tila sadyâng kinulót n~g maselan na kamay n~g m~ga diwatà. Mainam at kahilihilì ang húbog ng ilóng at pati m~ga tain~ga, sampu n~g dalawáng matáng nan~gun~gusap sa kapun~gayan; m~ga n~giping parang pinili, malinis at maputíng parang gáring; babang nakalulugód ang pagkahati, at ang kanyáng makipot at mainam na bibig ay tulad sa isáng bulaklák na bagong bumubuká ó sa isáng bátis n~g matamis na biyayà pagká't makitid at namúmulá ang kanyáng kabighábigbighaning labi't n~guso at ¡ay! kung mangyayari sanang aking máhagkáng minsán, marahil ay māraragdagán pa ang búhay ko!

At sinabi itó n~g may kasamang malalim na buntóng hinin~gá.

—¿Totoó kayâ—ang tanóng ko sa kanyáng tumatawa akó upang pasiglahín—na kayó'y gágaling sa isáng matamis na halík ni Liwayway?

—Waláng pagsala, maniwalà kayó sa akin; nguni, ¡kaawà-awàng pusò ko! ¡walâ ná ang iyóng Liwayway at dí ko alám kun saán naroon n~gayón!

—Ihimatón man lamang ninyó sa akin at pagsisikapan ko ang siyá'y hanapin.

—Huwág na kayong mapágod, pagká't dî sásalang siyá'y lubhâng malayò ná, at isá pa, tiyák na magíging lason sa akin kun malaman ko pa ang kanyáng kinásapitan.

—¿At bakit?

—Iyán n~gâ ang lihim na kanino ma'y dî ko masasabi at dadalhin ko na sa húkay. Si Liwayway ay parang isáng makisig at masayang kulasisi na nakawiwiling pakinggán pagmasayang nagsasalitâ at dî nagbubulàan. Siyá'y balita sa lugód at inam makipag-usap; n~guni't mulà n~g akó'y kanyáng mákilala'y naparam na biglâ ang kanyáng pagkamasayá; parang ibong nalaglág sa isáng sumpít at naging larawang *mármol* n~g pumaták sa lupà.

—¿At ano ang naging sanhi?

—Ang lan~git lamang ang nakatatalós. Isáng araw ay dumatíng kami sa nábangít náng bayan ni

Lwayway. Doó'y tinipon ko sa liwasán ang pulutóng n~g aking kawal bago kami pasalabanán sa Marilaw, at aking pinan~gusapan upang silá'y pasiglahín at ipabatid tulóy ang lahát n~g dapat gawin. Maraming táo ang nanoód at nakinig n~g aking talumpatí na walá sa áyos at sahól sa linálamán; n~guni, marahil sa awà n~g m~ga táo sa akin dahil sa akalàng akó'y mamámatay na walâng sala sa dadayuhing labanán, ay kinalugdán din akó't ipinagdíwang kahit dí karapatdapat.

Nang akó'y manaog sa pinagtalumpatian ay námasdán ko si Lwayway sa isáng súlok.

Sinasabi sa m~ga Banal na Kasulatan, na ang *angeha* nákita ni Magdalena at m~ga kasama sa libin~gan ni Jesus, ay nagníningning na parang araw. Gayón din si Lwayway, kumikináng sa kanyáng kagandahan, katimpian at kahihinán na parang bukáng liwaywáy n~g isáng araw na maligaya.

Sa m~ga sandalíng yaón ay gumiít sa aking puso ang isáng tan~ging damdamin na dí ko málamang sabihin at kaylán man hanggá noón ay dí ko pa napagkákabatián. Ang kanyáng pananamit ay karaniwan, n~guni't malinis gaya n~g laging isinosoót n~g m~ga babaing bayan; at nabatíd kong siyá'y isáng ulila na kinúkupkóp lamang n~g isáng matandáng dalaga. Akó'y nagkaroon n~g magiliw na pagtin~gín sa kanyá at aking linapita't siya'y binati.

Magiliw namán siyáng sumagót, at dí nalalamang sa aking dibdib ay nagninín~gas ná ang isáng damdaming marahil ay yaón ang tinatawag ninyóng pag-ibig.

Matapus ang sandalí sa m~ga salitáan naming walâng kabuluhán ay sinabi ko sa kanyá:

—Lwayway, joh, himalâng Lwayway sa kagandahan! Akó'y paroroón ná sa labanán at malapit ang dí ná ninyó akó mákita. Akó'y paris din ninyó, ulila sa lahát. Kun ang aking hinin~gá'y malagót sa párang n~g pakikihamok, ay parang isáng muntíng ilaw lamang na pinatáy n~g han~gin. Sa bagay na itó, ¿maipagkákaloób kayá ninyó, diwatà n~g habág, ang mahalagá mo pông pañô upang akó'y may máidampí ó máitali sa aking magiging súgat?

—Opò, ginoó—ang magiliw na sagót ni Lwayway at ibinigáy sa akin yaóng naipakamahalagáng pañô na nakapulupot sa kanyáng leeg na parang linalik.

Hinagkán ko ang maban~góng pañô at agád kong itinagò sa bulsá sa aking dibdib.

Napipi ang aking lugód at nasàng paggantíng loób sa kagandahang pusò ni Lwayway; n~guni't kulang pa rin ang katuwàa't ikasisiyá kong loób, pagkâ't bagamán ibinigay ná sa akin ang kanyáng pañô, ay ipinalalagáy kong parang limós lamang sa kaninomang tagatanggól n~g tinubúan; datapwà't sa kabilâng dako, nahihiyá namán akóng magparamdám agád sa kanyá sa lubós na kadalián n~g umúunlád kong pag-ibig, at súkat ang sinabi ko sa kanyáng:

—Maraming salamat, mahabaging Lwayway; at gantihin nawa n~g Lumikhâ ang pusò mo pông gintò. Lahát n~g aking m~ga kawal ay may tagláy na kalmen ó antíng-antíng upang máligtás silá sa punlò, n~guni, ulóg lamáng ang iyó pông lingkód na walà anománg agimat, at dahil dito, kun parang limós na ibigay ninyó sa akin ang isáng buhók mo pô na labis kong pinaháhalagahan, ay ikalulugód ko at siyáng makapagbibigay sa akin n~g tápang at kahihiyán sa dí pagdúrong, pagkamí'y binabakang mahigpít n~g mayayaman at malalakás nating kaaway.

Nang márínig itó ni Lwayway, minasdán akó, namulá n~g bahagya at dí akó sinagót agád; n~guni n~g makalipas ang sandalí ay lumagót n~g isá sa kanyáng mainam na buhók at ibinigáy sa akin n~g malwág sa kalooban.

—Aytó pô—anyá—Láhat n~g maitutulong ko sa ating m~ga bayani, agád maáasahan sa akin.

Hinagkán ko ang buhók na aking kaaliwan at sakâ ko binalot sa pañông itinatagò sa bulsáng na sa tapát n~g dibdib.

Ibig ko pa ring magsalita at buksán ná sanang minsán ang aking pusò sa linalan~git kong dalaga; n~guni, akó, na kaylán ma'y dí nakakilala n~g tákot ay nagíng umíd, dalá n~g pan~gingilag na bakâ sabihin niyáng akó'y isáng mapan~gahás.

Sumakáy ná akó sa aking kabayo at ipinag-utos kong lumakad ná agád ang aking m~ga kawal at n~g lilisanin ka ná si Lwayway ay inyabót ko ang aking kamáy at isinalubóng anamán niyá sa akin ang kanyáng maririkít na daliri. Di na kó nakapigil at pagdaka'y pinan~gahasan kong hinagkán ang magandá niyáng kamáy at sakâ ko sinabi n~g akó'y humihikbî:

—Paalám ná, ¡búhay ko! Kinaí-inggitán kong túnay ang mapalad na lalaking magkákamit sa nápakamahalagá at dakilá ninyóng pusò.

¿Akalá ba ninyó'y umiyák namán ang *Dalagang Mármol* n~g akó'y mákitang híhikbî-hikbî'y lumalakad na tún~go sa pakikilaban at sa kamatayan? ... ¡Hindí pô! Súkat ang akó'y minasdáng parang siyá'y námanghá.

At ang gayó'y nagíng parang isáng tinik na mahayap sa aking pusòng nahahapis, pagkâ't inasahan kong siyá'y umiibig ná sa ibá. Gayón pa man, ang pagyao nami'y lubhâng kalagím-lagím at halos lahát n~g m~ga babai'y nagsi-iyák, tan~gi lamang yaóng diwatàng *Dalagang Mármol*.

---

### III.

Talagáng túnay n~gàng kapuripuri si *General Antonio Luna* sa m~ga labanáng lantaran, palibhasà'y tagláy ang katapan~gang dí pangkaraniwan, at dahil dito'y madalás niyáng maampát ang kabilisán sa pagsalakay n~g m~ga kawal americano, na may magagalíng na kañón, baríl, maramíng kabayong malalakí at ibá pang kasangkapang pawàng kalwagan sa pakikilaban; m~ga bagay na siyáng totoóng kulang sa amin, sa lubós na kasamáang palad.

N~guni't sa isáng dako nama'y masasabing si Emilio Aguinaldo'y talagáng dalubhasà sa m~ga kaisipán at paraán n~g pagtambáng at panunúbok sa kaaway na dí nakahandâ; at dahil sa m~ga kagagawáng itó, malakí ang kanyáng nápulô noóng labanán sa kastilà, hanggán sa naratíng niyá ang magíng Pang-ulo n~g m~ga general na naghíhimagsík.

Ang katotohana'y dí n~gâ dapat makilaban n~g mukhâán sa isáng kaaway na may sapát na lakás at nakahíhigít sa lahát n~g bagay, at walâ n~gàng dapat gawín kundí daanin sa paraáng ikabibiglâ at sa m~ga pagtambáng.

Ang m~ga americano'y nan~gakarating ná sa Malolos, at kinalatan nilá n~g m~ga pulutóng na tánod ang lahát n~g himpilan n~g tren sa Bulakán at pinagsisikapang máitaboy si General Luna sa kabiláng dáko n~g ilog Kalumpít.

Sa gayó'y náisip naman ni Aguinaldong *dukutin* ang m~ga pulutóng na nagtatanod sa m~ga himpilan n~g tren sa Bigaá, Bukawe at Mariláw; at isáng gabí ay pinalakad ang m~ga kawal na lúlusob at pati siyà'y dumaló búhat sa San Rafael, upang pamahalàan ang pagsalakay.

Ang paraán ni Aguinaldo'y pinalad. Sa lubós na pagkabiqlâ n~g m~ga americano dahil sa dí nilá ináasahang kapan~gahasan n~g m~ga tagalog, agád siláng nagsitakbó't nagtipon sa Guiguintô at ang iba'y sa dákong Maynilâ, datapwâ't sa pag-urong ay marami ang nápatáy n~g m~ga tagalog; at sana'y mádadakíp na lahát kun nátaggáp lamang ni General Luna ang pautos ni Aguinaldo at nakadaló siyá n~g kasalsalan n~g labanán. Gayón man nakúha rin namin ang lahát-lahát na lamán n~g tatlong Himpilang násabi.

Alám na ninyóng m~ga tagarito na akó ang lalòng ipinagdíwang sa gayóng pagtatagumpáy namin, pagká't kundí lamang dahil sa akó ang siyáng namayaning agád dumaluhong at nakalupig sa m~ga kaaway, kundí pagká't dahil din naman sa aking mabisàng pagdaló ay nagtagumpáy rin ang m~ga pulutóng na pinalúsob sa ibá't ibáng poók. N~guni't sa labanáng itó'y mulí akóng nasugatan n~g malubhá, kayâ ginawâ akóng *Coronel* ni Aguinaldo at ipinadalá akó sa bayang Baliwag upang ipagamót, palibhasà'y para akóng patáy n~g damputin sa párang n~g labanán.

Nang magsimulâ akó sa paggalíng at idilat ang aking m~ga matá, akalà ko ba'y nahíhibáng akó, nan~gan~garap ó nápaakyát sa lan~git, pagká't námasdáng hindí ibá ang nag-áalagà sa akin kundí ang kawiliwiling dalaga na nagpaalab sa payapà kong pusò n~g isáng parang Volcáng pag-ibig.

Kusà akóng nápasigáw agád at buntóng hinin~gá kong sinabi ang:

—¡Liwayway! ¡Liwayway! ¿Ikáw n~gâ pô ba ang matamis kong Liwayway?

—Opò—sagót n~g *Dalagang Marmol*—n~guni't huwág kayóng magsalitâ, pagká't ibinabawal n~g manggagamot.

—Bayàan ná ninyó, at kahit mamatáy man akó n~gayó'y mámatamisín ko rín, pagká't sa pilin~g mo pô pápanaw ang búhay kong waláng kabuluhán.

—Huwág pô—aní Liwayway—Ikáw pô'y lubhâng batà pa at gayón ma'y *Coronel* ná at marami n~g kapuriháng tinamó sa pagtatagumpáy. Aalagàan naming mabuti ang mahalagá ninyóng búhay na lubháng kailan~gan pa n~g ating kaawà-awàng Bayan.

—Nakawáwalâ n~g pag-asa ko, Liwaywáy, ang máriníg sa inyó na akó'y iyó pô lamang ináalagàan at ginagamót upang maipagtanggól ko ang ating tinubúan. Nais ko ang maglingkód sa kagalang-galang nating Ináng bayan, n~guni, han~gád kong mabúhay namán upang ikaw pô, aking kayamanan ay siyáng magpalasáp sa akin n~g m~ga katamisan n~g pag-ibig.

—Maghunos dilì ka pô, ginoóng *Coronel*—ang sagót niyá sa aking may kalamigán n~g isáng *mármol*—tila yatà pan~git na ikáw pòng hindí napasukò n~g malalakás na americano, n~gayó'y magiging bihag lamang n~g isáng dukhàng babai, n~gayón pa namán sa m~ga dakiláng sandalí na lubhâng kinakailan~gan n~g ating Bayan ang iyó pòng talino at lakás.

—Dí ko kailan~gan turúan mo pô akó n~g tungkól sa pag-ibig sa lupàng tinubúan; n~guni't ikáw pô at ang inyóng kataká-takáng kagandahan ay bahagi rin namán n~g Bayang iyán. Ang kátamis-tamisang pag-ibig ninyóng m~ga dalagang kababayan, ay siyáng tan~ging nápakamahalagáng gantíng palà na inántáy naming kamtán sa likód n~g lubhàng pagsisikap sa pagtatanggól n~g ating bayan, kahit puhunanin ang aming búhay.

Hindi tumugón ang *Dalagang Mármol*; kumuha n~g isáng mangkók na sabáw at ipinainóm sa akin na para bagang dí niyá nápansín ang m~ga sinabi ko.

Sa gayó'y aking binalikán ang paglúhog at ani ko:

—Aking nakikita Liwayway, na waláng pakiramdám, na kúlang akóng lubós sa m~ga karapatán upang ihandóg sa inyó ang marálitâ kong pusò. Gayón man, marapatin ninyóng sagutin lamang ang aking itinátanóng upang maawasán ang aking dibdíb sa isáng pag-áalinlan~gang totoóng nápakabigát.



—¿At anó pô iyón—aní Liwayway.

—Ipagtapát mo pô lamang sa akin kun mayroón nang lalaking lalòng mapalad na siyáng nag-iin~gat sa susi n~g dakila ninyóng pusò.

—Walâ pô. Kaylán ma'y dî ko pa ginágawâ ang umibig dahil sa aking lubhâng kabatàan. At ináakalà ko na kaylán ma'y dî ko ná marárating ang umibig, palibhasà'y walàng tumataláb sa aking damdamin sa m~ga pagsintáng isinusuyò n~g m~ga binatà.

Ganyán dî pô ang akalà ko bago kayó nakilala; masanghayang bulaklák n~g luwalhating Bulakán, n~guni't n~gayóng násumpun~gán ko ang lábis na hináhanap ó kayâ'y ang isáng pusóng malinis na walâ pang iniibig, ¡ay Liwayway! tugunín mo pô akó, alang-álang sa Lumikhâ, at kun hindí ay huwág na ninyó akóng alagaan pa ni gamutín, palibhasà nais ko pa ang mamatáy kay sa mabúhay n~g walàng ináasahan.

Hindí rin sumagót ang *Dalagang Mármol* ni nabago ang kanyáng mukhâ: túlad na mistula sa *mármol ó hielo*; n~guni't marubdób ang pag-áalagà niyá sa akin, at umaga't hápon ay hináhandugán akó n~g magaganda't sariwàng bulaklák na pitás sa kanyáng marilág na halamanan.

Ganyáng talagá ang lahat n~g dalagang tagalog na nátatan~gi sa kaniláng likás na kahinhinan at samantalang mahihirap mapasogót ay lalò namáng nagliliyáb ang ating pag-ibig sa kanilá.

N~guni, ¡ay! Ang *hielo'y* untî-untîng natutunaw ná at ang larawang *mármol*, parang hiwagà'y nagkákaroón n~g búhay at kasiglahán at nagiging mairugíng kasintahan n~g dî niyá námamatyagán man lamang.

Kaylán ma'y hindí ipinagtapát sa akin na iniibig niyá akó; n~guni't isáng araw na akó'y dinalaw n~g m~ga pinunò n~g aming hukbó, silásilá'y nagpápainamán n~g pag-garà kay Liwayway, at siyá, malayóng lisanin ang gayón ay masayang nakikipag-usap sa kanilá.

Ang ganitó'y sumúgat sa lalóng kalaliman n~g aking pusò, palibhasà kaylán ma'y dî siyá nagpamalás sa akin n~g gayóng pagkatuwà. N~guni, dî akó nagpahalatâ at gayón pa man, sa masíd ay parang ikinalilibáng ko rin ang katuwàan nila.

Nang makaalis ang m~ga panauhin, lumapit sa akin si Liwaywáy upang akó'y gamutín, n~guni sinabi ko sa kanyá n~g mabuti ang aking mukhâ at sa lubós na paggalang, na magágamót ko nang magisá ang aking m~ga súgat, pagkâ't akó'y malakás ná.

Siyá'y nagpumilit; n~guni't dî ko pinayagan.

—¿Sumukal ba ang inyóng loób sa akin?—ang tanóng niyá na aking sinagot namán n~g:

Walâ akóng kapangyarihang magalit sa inyó, Liwayway; n~guni't nakasúgat n~g malubhâ sa akin ang kasayahang isinalubong ninyó sa m~ga binatàng pinunò, pagkâ't sa akin, kaylán ma'y dî mo pô náipakita ang mahál ninyóng pagtawa.

—¡Nakú! ¿at dahil lámang diyán?

—¿Lámang ang sábi ninyó? Dapat mo póng mabatíd, Liwayway, na túnay akóng nasaktan; at saksí ko ang Diós: ibig ko pang mamatáy n~gayón din—ang náisigáw ko n~g dî na naaring ipagkunwarí pang itagò ang aking dinaramdám.

—¿At kun akó na lamang ba ang inyóng patayín, yamang akó ang tan~ging nagkasala?—ang mairog niyang tugón sa akin.

—¿At sino akong papatáy kun ganitóng walàng-walâ akóng kapangyarihan sa inyó?

—¡Ah totoó n~gâ palá! Upang magkaroón n~g kapangyarihang iyán ay tanggapin ninyó n~gayón ang marálitang singsíng na itó: Siyá ang inyóng kagatin at sa kanyá ibuntó ang inyóng malabis na gálit—ang sinabi niyá at saká nagtawá.

Agád akóng nákaramdam n~g isáng katuwaáng hindí masáyod. Natulad akó sa isáng bin~gíng nagkaroón n~g pakiníg ó sa bulág na biglâng pinagsaulan n~g pani~gin. Hinabol ko upang hagkán ang *Dalagang Mármol* na karaka'y nagíng palabirò at kawiliwiling diwatà. N~guni't dî ko ná siyá inábot at walàng naiwan sa akin kundí ang kanyáng sinsíng.

Nang makalipas ang may isáng oras ay dinalhan akó ni Liwayway n~g pagkain. N~guni, walâ na sa kanyáng maalindóg na mukhâ, ni bakás man lamang n~g pagtawa kanina, at sinabi sa akin na parang galít:

—Kaylán man, huwág ninyó akóng pan~gán~gahasáng hagkán, at kun hindí, tayó'y tohanang magkákagalit. Aking ipinan~gan~gakò sa inyó at kayó'y pináhihintulutang akó'y patayin kun marapatang umibig sa ibá. At mulà n~gayó'y manahimik ka pô.

¡Ang katuwàan ko'y dî maipagsaysáy! Madaling sumulong ang aking paggalíng, palibhasà, laging naaalalang akó'y *Coronel* ná at maidaragdág pang akó'y mag-aasawa sa lalóng magandang diwatà na nanggaling sa makapangyarihang kamáy n~g kábanalbanalang Lumikhâ n~g Sangkatauhan.

Datapuwa't matigás n~g kaunti ang úlo ni Liwayway. Aywan ko kun sapagká't hindí pa nararatihan sa m~ga láyaw n~g pagibig, kayâ ang nangyayari'y madalás kaming magkaroón n~g m~ga alitan; n~guni't paglalòng mahigpit ang aming pagkakáalít ay lalò rin namáng humihigpít

ang m~ga buhól na nakatatali sa aming pagsisintahan; at bukód sa rito, totoóng nápakatamis at dí masayod na kaluguran ang umáapaw sa aming m~ga kalulwáng nagkakasintahan, pagkami'y kusàng nagkakahin~gian n~g tawad.

Mangyari'y sa París akó lumakí at doón ko kinámihasnáng mákita ang malayáng pagsisintahan na dí ikinúkubli at lalò pa ang ikahiya, at siyáng totoó, na ang m~ga pagsisintahan ay isáng bagay na katutubo sa babai't lalaki, kayâ dí ko mákita ang matwid kun bakit ang gayó'y ating ikahihiyâ.

Doó'y dí n~ga ikinahihiyâ ó itinatagò ang pagmamahalan n~g dalawáng pusòng nagsisintahan, at ang kadalasan, sa m~ga lansan~ga'y makikita ninyóng naghahalikan ang isáng lalaki't isáng babai, n~g sino ma'y hindi nagtataká; pagkâ't doón, ang halik ay halos parang isáng pagkakamáy lamang n~g dalawáng magkatotong nagmamahalan. N~guni, dito sa boóng Kapilipinasan ay lubhâng nakamúmuhî ang iláng palakad sa m~ga bagay na itó, pagkâ't ibinabawal n~g m~ga magulang sa m~ga anak nilang dalaga ang pakikipag-usap n~g tungkól sa pag-ibig sa isáng lalaking may nasàng lumigaw.

At mayroón pang lubhâng pan~git na ináasal ang matatandang babai, paris n~g kun pinapagbabantáy sa gitnâ n~g isáng dalaga't bagong táong nag-uusap ang isáng batà, upang huwag siláng makapagsalitâan n~g tungkól sa pagsintá; gayóng isáng sulyáp lamang ay madalás pang nagiging makabuluhán kaysá mahabàng pagsasaysáy n~g pag-ibig. ¿At anó ang malimit mápalâ sa ganitô? Na, tinatamó n~g matatandang babai sa kaniláng kahigpitan ang huwág n~gâng makipag-usap n~g sa pag-ibig ang anak na dalaga kun na sa harap nilá; n~guni, palibhasà ang m~ga bagay na itó'y hindi maáaring sansalâin kahit anóng gawín, kayâ pumapayag tulóy ang dalaga na makipag-usap na mag-isá sa kanyáng mangliligaw n~g sa m~ga hating gabí, at sa dilím, bagay na siyang madalás ikápahamak n~g kapús-palad na babai, at sino ma'y waláng may kasalanan sa gayóng katiwalian kundí ang m~ga malí nating ugali sa bagay na itó.

Isáng araw na akó'y nakikipag-usap sa isáng dalaga n~g m~ga bagay na waláng kabuluhán, anó ba't napagitnâ sa amin ang isáng batàng lalaki upang mápakinggán ang aming salitâan; sa gayó'y agád akóng umalís at sinabi ko sa matandang babaing may bahay na akó'y bábalik kun kaylán mawalâ ang m~ga ugaling nábabagay lamang sa m~ga igurót at hindi sa m~ga táong mulát sa kabihasnán.

Ang *Dalagang Mármol*, kailan ma'y hindi nánalis sa m~ga halamanan n~g kanyáng kawiliwiling bayan, kayâ namán parang ibong gúbat na mailáp.

—Dapwâ't alalahanin ninyó, bayani—ang giit ko—na ang m~ga ibong gúbat ang siyáng lalòng masaráp kanin marin~gal masdán at siyáng kahanapán n~g m~ga tao dahil sa kailapán nilá; paris din namán n~g m~ga bun~gang kahoy na pag-masaráp ay mahirap kitâin, at sino man ay ayaw kumain n~g pagkaing lamás.

—Siyáng totoó—ang sagót ni Pusò—n~guni, ang ugali ni Liwayway at ugali ko ay magkaibá: kami'y nagkásumáng at kun minsá'y nagkákabanggâng kusà. Gayón man, untí-untí kong nahinayod sa kalakihan n~g aking pag-ibig. Siyá'y hindi na n~gayón yaóng *Dalagang Mármol* ó isáng halamang bundók na may lasang masakláp, kundí isáng bulaklák na mainam at masamyó, ó isáng kalapating púnay na maamò na ulóg sa tamís umibig.

N~guni, joh sa abâ n~g aking sawíng kapalaran! Ang matandang babaing nag-áalagà sa kanyá ay nag-isip sa akin n~g masamá; pará bagáng mangyávari na ang isáng lalaking ninibig n~g maálab at sa boóng pagtatapát ay makagágawâ n~g isáng gawíng hindi marapat ó isáng kaliluhán sa kadakilâan n~g kanyá pa namáng sinásambá n~g taós sa kalooban. Inakalà marahil n~g tampalasang matandà na akó'y kabilang n~g m~ga ibáng táong kanyáng nákilala na may ugaling magaspáng at waláng dan~gál.

At, ang ginawâ'y itinákas si Liwayway sa isáng bayang dí ko alám upang ipakasál sa ibá. Pinagpilitan kong siyá'y hanapin, n~guni't dí ko natagpûán, at alinsunod sa nábalitâan kó'y malayò ná ang kinaróronán at dí sasalang n~gayó'y kasál ná sa ibá, pagkâ't dí maáaring madalá n~g matandâ si Liwayway n~g dí itó kasabwát sa pagtataksíl sa kahabághabág kong pusò.

Dí rin namán akó makasunód sa kanyá sa totoóng malayò, palibhasà'y dí ko maiwan ang aking m~ga kawal dahil sa kapansanang pakikilaban araw-araw sa kaaway na dí kami iníuwan magíng araw at gabí; at sa wakás, aytó n~gâ akó't namámatáy.

Pinulasán n~g luhàng mapaít ang bayani, at sa gayó'y kinsà kong liban~gín.

At sa ibáng sandalí, aní Pusò sa akin:

—Kun sa isáng pagkakataón at mátagpûán ninyó si Liwayway, ay sabihin lamang sa kanyá na kahit siya'y naglilo sa akin ay pinatátawad ko rin n~g dí nagbabago ang aking pag-ibig sa kanyá at akó'y pápanaw na binábanggit ang kanyáng matamis na pan~galan. At kun inyóng máhalatàng nakagigising ó mulíng nabubûhay sa larawang *mármol* ang anománg magiliw na pagtin~gin sa akin, anyayahan mo pô at siya'y tulun~gang hukayin ang aking bangkáy at hanapin ang singsing ko, upang maisaoli. Marahil kahit naging lupa ná ang aking kaabâbang m~ga butó't lamán ay sisigaw pa rin akó at sasabíhing:

—¡Liwayway, matamis kong Liwayway! ¡Alalahanin mo ang iyóng isinumpâ sa akin, n~g ipagkaloób mo ang iyóng dí malilimot na singsing, na, ánimo'y patayin kitá kun umibig sa ibá!

Mulíng naták na namán ang masakláp na luhà n~g kahabághabág na bayani na waring ibig náng panawan n~g mahalagáng búhay, n~guni't sa bisà n~g *eter* ay amin díng nahimamasán pá.

Ang singsing na sinasabi ay gintóng linubid na wawang sa karaniwang gamitin n~g m~ga dalagang Bulakán. Tiyák na sinasabing natatalián n~g m~ga diwatàng Bulakán ang pusò n~g kaniláng m~ga kasintahan, n~g sa kailán ma'y dí na maáaring siràin, sa pamamagitan n~g singsing na iyáng linubid na sadyà n~g tibay.

Tungkól kay Liwayway, naunawà ko sa hulí na ikinasál sa isáng americano, alinsunod sa pahayag n~g isáng táong nakakita; at n~g matapus ay nagsiyao raw silá sa isáng lalawigang malayò. N~guni, ipinaglihím ko ang bagay na itó sa kapús-palad kong kaibigan.

## V.

Isáng araw na akó'y nakikipagsalitâan kay Pusò na tila unti-unti nang gumágaling, karaka'y naghiyawan ang m~ga táo na kami'y linúlusob n~g m~ga kábayuháng americano, at sunód dito ang isáng kasindák-sindák na pútukan.

Agád-agád na inabót ni Pusò ang kanyáng *revolver* at ang wikà sa akin:

—¡Madali! Ilapit ninyó ang aking hinihigán sa tapát n~g bútas na iyón n~g dinding at ikanlóng mo pô akó sa haligi. At, n~gayó'y dumating ná, kapatíd ko, ang oras na aking maitatakál n~g mahál ang búhay na itóng waláng kabuluhán. Aytó, itagò ninyó n~g boong in~gat ang tan~gi kong hiyás, ang minúmutyâ kong sinsing, upang huwág maágaw sa akin n~g m~ga kaaway. Isauli lamang kay Liwaywáy, sakaling siyá'y matagpûán.

—Huwág na kayóng makilaban—ang amuki ko—mahál na katoto, pagká't kayó'y malubhá at matitiyák kong dí ka pô aanhin n~g m~ga kaaway sa kalagayang iyán.

—Hindí maári—ang mapusok na sagót sa akin—lahát n~g kawal na may dan~gal, ay dapat mamatáy muna, bago sumukò sa kanyáng kalaban. Tumakbó ka pô't aytó na silá.

Dí n~gâ naman nagkabalà at sa isáng kisáp-matáy pinaputukán kami n~g m~ga americano at agád parang pinutakti ang aming bahay sa tamà n~g punlò na lusót-lusutan sa lahat n~g dako. Itinulak akó ni Pusò at siyá'y naláglagán n~g isáng paták na luhà sa pagiinit, n~g mákitang ayaw ko siyang iwan at anyá:

—Lumákad ka pô, kapatíd ko at iligtá ang singsing na lábis kong minámahál.

Sa gayó'y tumakbó akóng dalá ang singsing at kamuntí na akóng abútin n~g isáng americanong kábayuhán, kundí n~g mákita ni Pusò na akó'y hináhabol ay agád siyang pinaputukán at noón di'y patáy na nahulog sa kabayo ang americano.

Kinubkób n~g m~ga kaaway ang bahay na kinároroonán ni Pusò at n~g akó'y makalayò na sa katamtamang agwát sa loób n~g isáng masukal na tálahibán, ay nákita kong marami pang nápatáy si Pusò, palibhasà't may mabuti siyang panudlá at sa bawa't punlò n~g kanyáng *revolver* ay isáng americanong patáy ó sugatáng malúbhâ ang kapalít.

N~guni't sa wakás ay tinamàan naman siyá at nátanawán kong nahulog na parang patáy.

Nang walâ nang sumásagót sa putók n~g m~ga americano ay dumaluhong na silá't tinalón ang bahay at doón nákita si Pusò na waláng malay-táo, n~guni't huminhingá pa n~g kauntí.

Malakí ang pagkámanghá at pagpuri n~g m~ga americano sa kanyáng katapan~gan, palibhasà, gayóng butó't balát na lamang ay lumaban pa sa lalóng kabayanan.

Hinubarán si Pusò upang siyasatin ang kanyáng m~ga súgat at n~g mákitang siya'y Coronel ay sinikap na linanggás n~g main~gat ang bago at m~ga dáti niyang súgat at sakà ginamót.

Sa liblíb na aking kinátatagùan ay nagdaán ang dalawáng makabebe na kasama n~g m~ga americano, at aking náparingán sa kanilá ang sumúsunód na salitán.

UNANG MAKABEBE:—Itó ang "nunò" n~g tápang. ¿Sino ang mag-áakalàng, makamatáy pa n~g walóng americano, ang Coronel na itóng halos ay naghíhin~galò na lamang?

IKALAWÁNG MAKABEBE:--Sinasabi n~g americanong manggagámot na kun sa m~ga súgat daw lamang uy maári pa siyang mabúhay, pagká't ang punlò'y hindí naman nakasirà n~g m~ga sangkáp na mahahalagá sa loób n~g katawán; n~guni, may kahirapan daw siyang iligtás dahil sa lubhâng kakulan~gan n~g dugò, kayâ nawáwalâ tulóy ang pag-asa dahil sa kahinàan n~g katawán.

Inakalà kong nákaramdám mandín ang m~ga makabebe na may táo sa aking kinalalagyáng liblíb, kayâ agád akóng tumalilís at nagtatakbó n~g waláng tígil, hanggan sa isáng náyong malapit sa Baluarte; at matápus ang waláng lagót na takbó ay dumatíng akó sa Gapáng kinabukasan, n~guni't patay na halos sa pagkagútom, sa pagkasindák at sa pagkapágod.

Tumawag akó sa unang bahay na aking natagpûán at magiliw namán akóng tinanggáp n~g málaman nilá ang nangyari sa akin, na nakatákas lamang akó sa m~ga americano. Bahagyâ na akóng makapagsalitâ dalá n~g malaking panghihinà at ni ang pan~galan n~g bayani't matapang na Pusò ay di ko ná nábanggit man lamang.

Isáng matandang babai na nag-n~gan~galang Edeng na lagìng may púgong na pañò sa úlo, paris n~g ugaling kataglayan n~g matatandang babai sa lupàing itó, ang siyáng nan~gan~ga siwà sa aking pagkain at sa ilán pang m~ga kailan~gan; n~guni't kun minsán, akó'y nayáyamót sa matandang itó dahil sa tuwí náng káu-usisà sa akin n~g tungkól sa m~ga balitá n~g labanán; at laháat halos n~g m~ga pinunò ay itinátanóng sa akin kun saán dapat mákita. Akó namán na talagáng mayayamutin ay agad sumásagót na walá akóng nalalaman at lalò ko pang sinásadyà, pagkâ't kun minsan ay hinihinalà kong bakâ isáng tiktík n~g m~ga americano. Pagkatapus n~g m~ga iláng tanóng niyá sa akin, tuwí na'y nahuhulog sa pagsisiyasat n~g kun saán pumuntá ang m~ga kawal n~g balitang si Pusò. At sinásagót ko naman n~g: "Aywán."

Sa gayó'y tumútugón ang matandang Edeng na anyá'y:

—Parang linamon n~g lupà si Pusò; marahîl ay namatáy ná, kayà walá náng mábalitá sa kanyá, pagkâ't noóng siyá'y buháy, araw-araw ay napag-úusapan ang mahigpît niyáng panglulusob sa m~ga pulutóng n~g kaaway.

—Aywán kó pô, aywan ko—ang lagi kong sagót. At sa sarili ko'y nasasabing:

—Datihan ang tiktík na itó. Marahil ay makaligtás sa pagkálibing n~g buháy.

Isáng araw ay isinoót ko ang singsing n~g aking katoto at bahagyâ pa lamang namasdán ni matatandang Edeng ay hinawakang nan~gán~gatál ang aking kamáy, tiningnáng mabuti ang singsing at nápaiyák. Akó'y nagtaká at aking tinanóng:

—¿Bakit pô?

—¿Taksíl na táo!—ang sagot na humahagulgól—Ikâw pô palá ang pumatáy sa kulang palad kong si Pusò at n~gayó'y nagkukunwarî pa kayóng waláng namamalayan sa kanyá. Sábi ko na n~ga ba't sa mulá pa'y kumúkutób na sa aking loób na ang táong itó'y may kinalaman kay Pusò ko.

—Ikâw pô ba'y anó ni Coronel Pusò? ¿Kayó pô ba'y ina sakali?

—Opò. Kayâ n~gâ ipinamámánhík ko sa inyóng sabihin lamang agád sa akin ang nangyari sa hirang kong bunsò.

—Totoót kinsà ko pô ang pa-ewan sa inyo pagkâ't hinihinalà kong kayó'y isáng tiktík n~g m~ga americano; alám na ninyóng kun minsán ay m~ga babai ang ginágamit nilá sa tungkuling itó, at si Pusò'y para kong kapatid, katunayan, n~g kamí'y maghiwaláy at n~g siyá'y humándâ sa pakikilaban n~g walá anománg pag-asang mabúhay pa, ibinigáy sa akin ang kanyáng pinakamúmutyâng singsing upang isauli ko sa may ari.

—¿Siyá pô ba'y buháy pa ó patáy ná?

—Dî ko pô masabi, pagkâ't dinampót na parang patáy n~g m~ga americano; n~guni't n~g matapus ay sinasabi niláng alinsunod sa manggagámot, kun dahil daw lamang sa kanyáng m~ga súgat ay maári pang mabúhay, palibhasà't hindî sumirà n~g m~ga bahaging maselan sa loób n~g katawán; n~guni't na sa kahangganan daw ang kanyáng panghihiná.

—¿At saán naroón n~gayón?

—Iniwan ko pô sa dákong Sibul na ináalagàan n~g m~ga americanong nakábihag sa kanyá.

—Kun gayó'y ibigáy na ninyó sa akin ang singsing.

—Patawarin mo pô akò. Mahigpît na lubhá ang bilin sa akin at kahit kayó ang kanyáng iná'y dî ko pô maipagkakaloób sa inyó, kundî sa túnay na may ari; at siyá ma'y kinakailan~gang sabihin muna sa akin ang pagkákakilanlán.

—¿At anó ang palátandâan?

—Sa pan~galan niyá. Hanggá n~gayón, akó'y inyóng patatawarin, hindî pa lubós ang paniwalà ko sa inyó; akó'y iyó pong náhuli sa biglân at dahil lamang sa pagkatutóp kayà nagsabi sa inyó n~g totoó.

—Huwag kayóng mag-isip sa akin n~g masamá—ang sagót n~g nahahapis na matandâ. Ang pan~galang inyóng hinahanap ay ... ¡Liwayway!

—¡Iyán n~ga pô!

—¡LIWAYWAY! Iyán ang naging kapahamakán n~g aking kulang palad na anák.

—¡Totoó n~gâ pô! At kundî dahil sa kanyá ay dî hinanap ni Pusò sa lubós na kawaláng pag-asa ang kamatayan sa parang n~g labanán. Tila pô parating siyá'y nagpápatiwakál ... Súkat na pô. Kung túnay na kayó ang iná n~g Coronel ay dî dapat siyasin pang laháat ang lihim n~g aking kaibigan, upang huwág ka põng malunod sa kadalaman ... ¡Liwayway! ¡Oh, waláng awàng Liwayway!

At, nagkahalò ang aming luhà n~g kapús-palad na iná.

Nang mahimásmasán ang aming m~ga pag-iyák ay sinabi sa akin ni matandang Edeng:

—Súkat ná, mahál kong anák; akó'y mayroóng kaunting salapí na ating mábabaon. Ating hanapin si Pusò at siyá'y alagàan upang mabúhay pa kun itutulot n~g maawàing Maykapál. Kun sa m~ga americano lamang natin siya íaasa ay mahirap, pagkâ't marami rin namán siláng gagawàing ináatupag.

—Tayo na pô—aní ko.

At matapus ihandâ ang kaunting abúbot na aming dadalhín ay lumakad kamí.

Nang may isáng linggó na kamíng naglálakád ay natagpúan din namin si Pusò sa isáng bahay-gamútan sa Maynilà. Ipinakilala ko sa m~ga americano na si matandang Edeng ay siyáng iná n~g Coronel at hiníling naming ipahintulot nilá na aming maalagàan si Pusò doón din sa bahay-gamútang yaón; bagay na ipinayag namang malwág n~g m~ga americano, at hanggan sa kami'y binigyán pa n~g mátutulugan at pagkain, n~g maunawàng kami'y nanggaling sa malayòng bayan.

Si Pusò'y hindî pa nakakákilala n~g táo; nahihibáng at madalás mábanggít ang n~galan ni Liwaywáy ó ang n~galan ko; n~guni't isáng bagay na kaibá: kaylán ma'y hindî nábanggít ang sa kanyáng iná.

Ang malápot na sabáw n~g m~ga americano at ang bisàng tambin~gan n~g kaniláng m~ga gamót; ay madalíng tumaláb sa m~ga sangkáp n~g katawán ni Pusò; at dí nagluwát ay pinagsaulan siyá n~g isip. Dí siyá nágúlat n~g akó'y mákita pagkâ't akalà niyá marahil ay dí kami nagkákahiwaláy at hindî siyá bihag n~g m~ga americano.

Ang kanyáng ináy dí napakikita at kun natútulog lamang si Coronel Pusò sakâ lumálapit upang huwág daw mabiglâ sa pagkatuwâ.

N~guni, isáng gabí, n~g mákita kong dí ná makikilos ang kanyáng paggaling at ligtás ná ang kalagayan, sinabi kong dumating ang kanyang iná.

Si Pusò'y nag-alan~gan sa una at sakâ nagsalita n~g lubhâng malakí ang pagtataká:

—¿Anó ang sinabi ninyó katoto? Walâ akóng iná ni amá at matagál náng panahóng akó'y naulila. ¿Nanámaginip kayâ akó?

—Hindî, katoto; nariyán sa labás ang matandang Edeng na nagsasabing ikáw pô'y kanyáng anák; at lubós nagdadalamhati dahil sa ginawà sa inyó ni Liwayway, n~guni't n~gayó'y waláng pagkásiyahán ang tuwâ dahil sa inyóng paggalíng.

—¿Edeng? ... Hindî ko man lamang naáalala ang pan~galang iyán.

—Dî maári. Siyá ang nagpumilit na kami'y parito't kayó'y paghanapin; siyá ang nagdúkot sa lahat n~g gugol n~g aming paglalakbáy at sa mulâ-mulâ pa'y siyá na rin ang aking kasama't katulong sa pag-aalagâ sa inyó.

—¡Malakíng kababalaghán ó pagkahibáng ang ganitó! ¿At bakit siyá'y dí ko nákita minsán man lamang?

—Pagkâ't kusàng nagtatagò pag-kayó'y gising upang anyá'y huwág kayóng mabinat sa biglâng pagkatuwâ; n~guni't siyá ang nag-iinit at naghahándâ n~g inyóng m~ga gamót at naglilinis n~g inyóng m~ga damít; at kun kayó'y natútulog ay siyá ang nagpúpuyát sa inyóng siping n~g dí ináalis sa iyó pòng mukhâ ang kanyáng m~ga matá, matáng lagi na'y dinadaluyan n~g masaganáng luhà nóong kayó'y malubhâ.

—¿Iyán ba'y birò ó totoó?

—Kaylán ma'y dí akó nan~gahás bumirò sa inyó.

—¿Bakà kayâ si Liwayway!

--- Hindî mangyayari pagkâ't siyá'y isáng matandang húhukót-hukót ná at dí pansín kun minsán ang maglinis n~g sariling katawán.

—Si Liwayway ay batàng-batà at salamín sa pagkamalinis.

—Hindî n~gâ maáaring siyá'y si Liwayway, pagkâ't kun akó'y natátanóng at sinásaysay ko naman ang madlá ninyóng sinabi sa akin tungkól sa inyóng m~ga pag-ibig kay Liwayway, ay sinusumpâ niyá sa matindíng pagdaramdám ang kataksilán n~g *Dalagang Mármol...*

—¿At ang singsíng?

—Na sa akin. Hinihin~gí n~gâ n~g matandâ n~guni't dí ko ibinigay.

—¿Nahíhibáng kayâ akó, oh, Dios ko? ¿Sino kayâ ang matandang Edeng na iyán? Marahil, isáng kamag-ának kong totoóng malayò. Inyó na n~gâng papasukin.

At pinaroonán ko't tinawag naman si matandang Edeng.

—¿Dí kayâ mabinat kun akó'y biglâ niyáng mákita?—ang tanóng'sa akin n~g matandâ, sa lubós na pagmamasakit.

—Hindi pô—ani ko—pagkâ't tila malakás pa kay sa akin.

Nások kamíng magkasama. At si Pusò, dalá marahil n~g kanyáng panghihinà pa, ó panglalabò n~g ilaw ó n~g malabis niyáng pagtataká ay dí nákilala sa sandaling iyón si matandâng Edeng, kayà anya:

—¡Kaawà-awàng matandâ! Marahil ay napagkámalan ninyó akó, pagkâ't matagál náng panahóng namatáy ang aking iná at dí ko man lamang kayó nakikilala. Gayón man, mulá n~gáyó'y paparahin ko kayóng túnay na iná, alang-alang sa mairog na pag-aalagàng ginawâ ninyó sa akin, at salamat sa gayón, akó'y mulíng nabúhay. Kun sakali't kayó'y nakaranas n~g kakulan~gang palad na mawalán n~g anák, ay maging akó na pô ang mákapalít at maásahan ninyón~g ang boóng búhay kó't wagás na pagganti at lubós ihahandóg sa inyó.

—Hindi akó kulang-palad, kundí nápakamapalad n~g mákita kitang mabuti ná! Gayón din, hindi akó námamali. Makiníg ka, irog kong anák;

Isáng dalagang kulang-palad ay pinagtulun~gang inagaw n~g kanyáng m~ga kamag-ának, sa lalaking kasintaha't katipán. Dinalá sa malayò at doó'y pinilit ipakasal sa isáng americano. Ang dalaga'y nag kunwaríng umayon at na pakasal n~gâ dilí ang hindi, n~guni't mulá rin doón sa Simbahan ay tumanan siyáng patun~go sa bulubundukin, upang hanapin ang dati't túnay niyang kasintahan; at n~g huwág siyáng malapastan~gan n~g m~ga lalaki ay naglagáy sa ulo n~g úban at nanamit n~g tulad sa isáng gusgusing matandâ. Ang dalagang iyán ay ... ¡náitó n~gayón!

Pagkasabi nitó'y agád inalís ang kanyáng balát-kayông úban at ipinakilala ná ang túnay na tagiting n~g kanyáng tinig, pinahiran ang marun~gis na mukhá at daglí n~gâ namang lumitaw ang luníngning n~g bukáng liwaywáy na maipaparis lamang sa sumilang noóng lalan~gin ang Sangsinukob at n~g lumitaw ang kauná-unahang liwanag.

Nápasigaw si Pusò sa katwâán at namamanghâng idinídipá ang m~ga kamáy ay nagsalitá n~g pabuntóng hinin~gá:

—¡Liwaywáy, Liwaywáy kong hirang!

Sumapiling naman agad si Liwaywáy at magiliw niyáng hinagkán sa bibig, bago silá nagyákap n~g mahigpít, samantalang inuúlit-úlit n~g *Dalagang Mármol* ang anyá'y:

—¡AKÓ'Y IYÓ'T IYÓ RÍN at *iyóng iyó kailán man!*

Magiliw na nagkahaló ang kaniláng m~ga luhà at aní Pusò n~g makalipas ang sandalí:

—¡Malungkót na kapalaran ang akin! ¡Hindi ná maáaring kamtán kitá kun ganyáng ikaw ay kasál ná sa ibá!

Mulíng hinagkán ni Liwaywáy si Pusò at magiliw niyáng sinabi ang anyá'y:

—¡Gumalíng ka nawà agád, dakiláng bayani n~g katagalugan! Kun tungkol sa akin, *akó'y iyó't iyó rin*, mangyari ang mangyari, pagkâ't dí maáring pag-asawahin ang isáng *baka* sa isang *kalabaw*.... Kahit akó'y patayín, hindíng-hindí akó makasásama sa asawang ipinilit sa akin.

—Huwág kang man~garap, kahabághabág kong Liwaywáy pagkâ't siyá'y iyó náng asawa at dí maáring pawiin pá ang náisulat ná.

—Anóng náisulat ang sinasabi mo?—ang pagalít na sagót ni Liwaywáy.

—Ang iyóng pag-aasawa at ang batás na nag-uutos na dapat sumama ang babai sa kanyáng asawa,

¡Ang batás!—ani Liwaywáy sa lubós na katigasáng loób.

—Ang batás na pawàng gawâ lamang n~g m~ga tao ay dí umáabót ni mangyayaring makahadláng sa dalawáng pusò na pinagtali n~g pag-ibig. Ang mahalagang pag-ibig na itó ay siya lamang tan~ging makapaghahari sa dalawáng pusóng nagkakasintahan n~g mataós.

—Pawàng matatamis ang iyóng ipinan~gun~gusap, búhay kó, datapwà't dí na makakalág ang pinagtali sa "bendición" n~g parè.

—¿Anóng muwáng n~g parè? Ang Lumikhâ lamang ang nakatatalós sa kalooban n~g m~ga tao, kayâ naman sa dalawáng pusóng nagmamahalan tan~ging ipinagkakaloób lamang ang mahál n~g pagpapalà.

—Talagáng tayo'y ipinan~ganák na kulang palad, pagkâ't dí maári ang lahat mong tinuran. Dí sásalang parurusahan ka pa, kahabághabág na sintá ko! ... Dí mo n~gâ maiwan ang iyóng asawa at pípilitin ka n~g may kapangyarihang makisama sa kanyá pagdatíng n~g oras.

—Magpápatiwakál namán akó bago kitá iwan. ¡Itó'y asahan mo!

—Huwág ná Liwaywáy, Limutin mo ná akó, at upang maging kaaliwan mo'y súkat ang málamang akó sa iyó'y lubós kumíkilala n~g malakíng utang na loób; at n~gayó'y mamámatáy akó sa gitná n~g lalóng dí masayod na kaginhawahan, dahil sa pagkaalam kong iníbig mo pa akó hanggang dito ...

Nagyakap siláng kapwâ niniyák na dí mátutuhan ang maghiwaláy; pará bagáng dí na silá muli pang magkíkita.

## VII.

Nang sandalíng yaó'y nagkátaóng pumasok ang manggagamot na americano upang dalawin si Pusò, at n~g mákita ang dalawáng magkasintahang nagkakáyakap n~g mahigpít at halos pigtâ sa luhà ay nagsalitâ n~g ganitó:

—Hindî pa náuukol sa inyó, ginoóng Coronel, ang magbatá n~g malalakíng dalamhati. Bakà kayó'y mabínat. At bukód sa rito, kayó, na labis napupuri dahil sa katapan~gan sa m~ga pakikilaban, tila pan~git sa inyó ang umiyák na parang isáng mararamdamíng binibini.

—¡Ay, giliw kong Doctor na sa dunong mo pô'y náligtás akó sa kamatayan!— aní Pusò—kun iyó pô lamang mabábatíd ang malakíng sakunâng nangyari sa akin. ¡ah! makálilibong mapaít kaysá kamatayan!

—Alám ná ninyó mahál na Coronel ang túnay na pagtin~gin ko sa inyó; at kung ipinálalagáy mo pông akó'y parang kapatíd, ay sabihin sa akin ang inyóng m~ga ikinahahapis n~g kayó'y madamayan at malunusan kun maári.

—Huwág na pô, Doctor, pagká't makasásamâ pa sa kulang palad na babaing itó.

—¿At bakít dí natin sabihin sa kanyá?—ang giít ni Liwayway—Ang Doctor na itó'y ayos mabuting táo at may ugaling mahál. May masamâng americano at may mabuti namán. At sabihin n~gâ ninyó, Doctor, ¿maári bang ipílit ang katuparan n~g isáng pag-aasawang dinaán lamang sa gahasà ang babai?

—Hindî—ang sagót n~g Doctor—Ipaunawâ ninyó sa akin ang nangyari at akó ang bahalâ.

Ininaysáy ni Liwaywáy ang laháat n~g nangyari at ganitó ang sagót n~g Doctor.

—Manahimik kayó at manalig na makakalás ang laháat. Búkas ay makikipagkita akó sa aming General upang ipabatíd ang bagay na itó.

—Libong salamat, dakilàng Doctor—ang panabáy na sagót n~g kaawâ-awàng magkasintahan—maging bibig *angel* nawâ kayó na siyáng tumangkilik sa aming salantàng pusò.

---

Nang makalampás ang isáng linggó ay nagbalík ang Doctor at sinabi kay Coronel Pusò:

—Maibábalitâ ko sa inyó na ipinatawag n~g General naming americano ang nagíng asawa ni Liwayway patí n~g kanyáng m~ga kamag-ának at silá'y tinanóng kun totoó n~gâng si Liwayway ay pinilit lamang sa pag-aasawa, gaya n~g lumálabás na katunayan sa pangyayaring tumanan siyá agad upang sumama sa isáng Coronel na tagalog na kanyáng dating katipán. Aywán ko kun anó ang kaniláng isinagót, at n~gayón n~gâ'y ipinatatawag kayó, pagká't sinabi kong ikáw pó'y mabuti ná, giliw na Coronel.

—Tayo na pô, matalinong Doctor—ani Pusò.

At agad siláng naparoón sa bahay n~g General americano na kasama si Liwaywáy.

Nang dumating silá sa tanggapan n~g nasabing General, ay dinatnán nilá roón ang maraming kapús-palad na m~ga babaing tagalog at *kinastilâ* (mestiza) na nagsísidaíng at nagsisiyák n~g gayón na lamang.

Kami pô—ang hinakdál n~g m~ga babai—ay nagsipag-asawa sa m~ga kawal americano't aytó dalá namin ang m~ga katibayan n~g pagkákasál; n~guni't n~gayó'y kusà kaming iniwan at súkat.

At naghagulgulan silá n~g katakot-takot na gayón na lamang ang naging in~gay.

Di málaman n~g General americano ang kanyáng gagawín at waláng isinásagót kundí:

—Huwág kayóng man~gambá, m~ga aling kuwán, pagká't kun kayó'y iniwan n~g ilán, ay mayroón pa akó ritong ibáng m~ga kawal at mahigit sa libo ang inyóng mapagpípilian sa m~ga mapuputí at maitím.

—¡Nakú, ginoóng General!—ang sabáysabayang sigáw nilá—¿At sino pô ang magpápakain sa aming m~ga "boys" ó sanggól na may maitím na parang *cafeng* may gátas at mayroón namang maputíng parang labanós?

—¡Abá! ¿anó ang kasalanan ko sa ganyáng nangyari?—ang magiliw na sagót n~g General—Kayó ang hahanap at n~gayó'y akó ang pagbabayaran n~g inyóng m~ga pinggáng baság.

—Hindî pô kamí—aní n~g m~ga babai—ang humanap sa kanilá, kundí ang inyóng m~ga kawal at silá ang kunwari'y nanuyò upang basagin lamang palá ang aming man~ga pinggán.

—Hindî lamang iyán—ang dugtóng n~g isáng nagn~gan~galang Tinay—kundí dinalá pa n~g demoniung asawa ko ang laháat n~g aking pan~gan~gari.

—Kun gayón, ¿anó pông saysáy n~g kasulatang itó sa pagaasawa na ibinigáy sa amin?—ang tanóng n~g isáng nagn~gan~galang Delang.

—¡Oh, m~ga aling kuwán!—ang pan~git't malamig na sagót n~g General—iyá'y isáng papel na basâ....

—¿Bakit pô papel na basâ—ang tutol n~g matandang Ganguê, at sa boóng kawalán na yata n~g pag-aasa anya:—Miyák kayó m~ga kababai kong kulang-palad at paabutin sa lan~git ang sigaw, m~ga inang kahabághabág at m~ga batàng kulót na makapál ang labì't n~gusòng parang demonio, upang maawà sa inyó ang nalalamigáng General na itó.

N~g maringig ito at pasimulán ang matindíng hiyawan sa m~ga paglun~goy at pagdaíng, lahát ay nagkasabáysabáy at parang m~ga insík na pinagnakawan sa in~gay.

---

## VIII.

Nang sandalîng itó kami dumating. At n~g mákita kami n~g General ay nagdumalí sa mapitagang pagtanggáp sa amin at matapus na kami'y handugán n~g úpuan at paalisín ang m~ga babae ay nagsalitá:

Mabunýing Coronel Pusò—anyâ—pinupuri naming lahát ang iyó pong dí karaniwang katapan~gan sa pagtatanggól n~g inyóng bayan. Ganyán ang dapat alagataín n~g lahát n~g lalaking may dan~gál. N~guni't kayó'y aming nalúpig dahil sa kabutihan at kasaganàan n~g aming m~gá nágagamit sa labanán. Gayón man, kami'y hindi naparito upang agawin ang inyóng m~ga lupáin at kayó'y alipinin. Naparito kami upang kayó'y turúan at tulun~gang ihandâ ang inyóng bayan sa ganáp na pagsasarilí at sa gayó'y itutulong naman namin ang madlâng karunun~gan at kayamanan n~g América, upang magíng maayos ang inyóng bayan at upang kayó'y magkaroon n~g m~ga Páaraláng ulirán, treng matutulin, m~ga tuláy na bakal, m~ga bagong máquina sa pagbubukid at ibá pang m~ga dàkiláng paraán upang ibunsód ang pagkasulong n~g inyóng bayan.

Tungkól sa inyó, alam mo pô na kayó'y nabihag at mulíng nabúhay dahil lamang sa aming m~ga pag-iin~gat. At dahil dito, n~gayó'y hiníhiling ko sa inyó na kami'y tulun~gan naman n~g pagpayapà sa iyó pông bayan at kayó'y manumpâ tulóy n~g pagsukò at pagpapakumbabâ sa America.

—Minábuti ko pô ang lahát n~g inyóng ipinahayag—ang sagót ni Pusò—n~guni, dí akó makapanúnumpâ n~g pagsukò at pagpapakumbabâ, kundí isáng tapát na pakikipagkilala lamang sa America, kun totoó n~gà ang sinabi mo pô na ang ipinarito ninyó'y upang kami'y tulun~gan lamang na makapagsarili pagdating n~g panahón.

—Karapatdapat ang iyó pông sagót, matapang na bayani. Tinátanggáp ko ang inyóng panunumpâ n~g pakikipag-ibigan sa America; at mulâ n~gayó'y makalalayà na kayó't makaparoroon kun saán ibig.

—Pinasasalamatan ko kayó n~g taós sa kalooban; n~guni, ¿anó ang ipasisiyá mo pô sa kahabaghabág kong kasintahan na pinílit ikasál sa isáng americano?

¿Dí ba ninyó námasdan n~gayón lamang na ang pag-aasawa n~g m~ga americano sa babaing tagalog ay nagiging parang sulat insík lamang at sa wakás ay iníiwa't súkat ang m~ga kulang palad na filipina, pagkatapus na masunód ang kanilang han~gád? Gayón din ang kasál ni Liwayway sa americano, pagkâ't siyá'y pinílit lamang. Bukód sa rito, ang americanong naging asawa ni Liwayway ay nahihiyâ náng pumisan pa sa kanyá n~g malamang siyá'y sa inyó nakisama. Kung ibig mo pô n~gayón di'y ikakasál kayó n~g General Preboste.

—Opò—ang sabáy na sagót n~g magkasintahan—n~guni't kami pô'y nábilang sa m~ga alagád n~g Simbahan Tagalóg, kayà ibig naming kami'y ikasál n~g amin díng túnay na pari.

—Lalòng mabuti. N~gayón di'y padádalhán ko n~g isáng magalang na paanyaya ang Kgg. P. Aglipay, Vicario General Castrense n~g Katagalu~gan at nais akó na sana ang magíng ináama n~g balitang Coronel na tagalog at n~g magandang filipina na magiging ulirán n~g m~ga babai sa pagkamatimtimang umibig.

---

Dí lumipas ang isáng oras at dumating ang kátaás-taásang Pinunò n~g m~ga Paring tagalog, at sa harap n~g maraming pinunòng americano'y ikinasál si Coronel Pusò kay Liwaywáy, na nakasísilaw sa kanyáng kahinhinán at kagandahan.

Sa wakás n~g kasál ay sinabi n~g General americano:

—Mabúhay nawâ kayó n~g mahabàng panahón sa lubós na katahimikan at kasyaháng loób, at nais ko na ang inyóng mataós na pagmamahala'y magbun~ga n~g m~ga batàng pawàng mababaít at masintahin sa tinubuang lupa. At n~gayón, parang muntíng handóg ko sa pagka-ináamá, ay ipinamámahík, dakilang Coronel Pusò, sa tanggapin ang katun~gkulang pagkapinunò (Gobernador) sa lalawigan ng *Kabuláklakán*, upang ikaw pô namáy makapaglingkód sa ikapapayapà n~g inyo ring bayan.

Tinanggap ni Pusò sa lubós na pagkilala n~g utang na loób; at siláng mag-asawa'y nabúhay sa lalòng wagás na pag-iibigan at sa lubós na pagkakasundò; at sa ilinakad n~g panahón ay



nagkaroon silá n~g tatlong anak na naging makabuluhán at ikinádan~gál n~g lalawigang *Kabuláklakán*.

At ang singsing na linubid ay siyang naging buhól upang paglakipin ang dalawang pusóng ulirán sa pagsisintahan at sa pagmamáhalan.—WAKÁS.

---

## Kay Liwayway

Pepitáng himala sa bayang Baliwag,  
sa m~ga tuwa mo't lungkot na masakláp  
alalahanin mo sa iyó'y pagsintáng matimyás  
n~g tan~ging sa iyó'y umibig n~g ganáp.

Edeng maligaya, m~ga salitaang  
sa ati'y naghain sayáng kalan~gitan,  
ang ating titigáng sagana sa lamán  
di na mangyayaring muli nating kamtan.

Pagsintá'y dalisay, walang kahulilip,  
libolibong mundo, búhay sampung lan~git  
sa iyó'y handóg ko sa pagpupumilit  
na patotohanan ang aking pag-ibig.

Iniinís yaring abang kaluluwa  
panahóng nagdaán kun máala-ala;  
lalong nagdaragdag n~g matindíng dusa,  
n~gay'oy di na akin ang iyóng pagsintá.

Tugón mong mahigpít—"Ako ay iyó rín,  
sakali't maglilo'y buhay ko'y amisín.  
¡Wala nang pipitás sa aking paggiliw  
yamang áalis ka ... ¡Oh, palad kong iríng!"

Ay anóng kadali at nagbago ikaw  
sa aking pagsintáng magandang Liwayway,  
ikaw rin ang giliw, panagimpa'y ikaw  
m~ga pan~gako mo'y pag-asa ko'y túnay.

---

**Pamilihan ni YANGCO**

SIYANG LALONG BALITA SA BUONG FILIPINAS  
DAHIL SA KABAGUHAN AT KAMURAHAN NG  
HALAGA

Matatagpuán ng mga mamimili ang mga  
tindáng sinamáy, damit na yari, pingán,  
bilao bakiyá, cigarrillo, sutlá, palayók, mga  
aklát at papel, alhajas, cacerola, kawali, at  
lahát ng kalakal ng katagalugan.

Inaanyayahan namin ang mga kababayan  
upang dalawin nilá kami at mapatotohan  
ang kamurahan ng aming mga kalakal.

**Tabora 258, hangan 268, Ilaya at Azcárraga**

---

**Mercado Yangco**


ES EL MAS FAMOSO DE FILIPINAS POR SU  
NOVEDAD Y BARATURA EN SUS PRECIOS

En él encontrará el comprador tiendas de  
sinamáy, ropas hechas, platos, bilao, zue-  
cos, cigarrillos, sedería, ollas de barro, li-  
brería y papelería, alhajas, cacerolas, cara-  
jais y toda clase de efectos del país.

Se invita al público á que nos visite, para  
que se convenza de la baratura de nues-  
tros precios.

**Tabora 258 al 268 Ilaya y Azcárraga, Tondo**

---



\*\*\* END OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG SINGSING NANG DALAGANG MARMOL \*\*\*

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE  
THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE  
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase “Project Gutenberg”), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at [www.gutenberg.org/license](http://www.gutenberg.org/license).

**Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™ electronic works**

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. “Project Gutenberg” is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation (“the Foundation” or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website ([www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org)), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, "Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation."
- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

#### 1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain "Defects," such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the "Right of Replacement or Refund" described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you 'AS-IS', WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™

electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

## **Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™**

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™'s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

## **Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's website and official page at [www.gutenberg.org/contact](http://www.gutenberg.org/contact)

## **Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate).

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate)

## **Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works**

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.